Oregon Secretary of State
Elections Division

Mahal na Botante

Napag-alaman namin kamakailan na, dahil sa maling ipinasok na datos ng Kagawaran para sa De-motor na Sasakyan (Department of Motor Vehicles DMV), nakarehistro kang bumoto sa Tanggapan para sa Halalang Pang county. Upang matiyak ang katumpakan ng iyong datos ng rehistrasyon ng botante, ginawang hindi aktibo ang iyong rekord.

Bilang isang hindi aktibong botante, hindi ka makatatanggap ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo o papayagang bumoto hanggang sa kumpirmahin mo na ikaw ay kwalipikadong bumoto sa Oregon.  ORS 247.563.  Sa ilalim ng batas ng Oregon, kakanselahin ang iyong rehistrasyon ng botante sa Oregon kung hindi mo kumpirmahin na ikaw ay isang kwalipikadong botante bago isagawa ang dalawang pangkalahatang halalan.  ORS 247.563(2)(c).

Upang mag-rehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:

1. Isang mamamayan ng U.S.
2. Isang residente ng Oregon
3. Hindi bababa sa 16 na taong gulang

Kung isa kang kwalipikadong botante ng Oregon at nais mong mapaaktibong muli ang iyong rehistrasyon, makatanggap ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, at mapayagang bumoto, dapat mong kumpletuhin ang nakapaloob na form para sa rehistrasyon ng botante at ibalik ito sa address sa ibaba Tanggapan para sa Halalang Pang county.

Kung hindi ka kwalipikadong bumoto sa Oregon, mangyaring direktang makipag-ugnayan sa aming opisina sa numero ng telepono Tanggapan para sa Halalang Pang county at hilingin sa amin na kanselahin ang iyong rehistrasyon.

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa liham na ito o sa iyong rehistrasyon ng botante.  Narito kami para tumulong.

Taos-pusong sumasainyo,

Opisyal ng Halalang Pang-county